



## Biktima ka ba ng pangangalakal ng tao (human trafficking)?

**Pinipilit ka bang gawin ang mga bagay na ayaw mong gawin? Minamanmanan o binabantayan ka ba ng isang taong kilala mo? Sinasaktan o pinagbabantaan ka ba ng taong ito? Hindi ka ba pinapayagang umalis?**

**Walang sinuman ang puwedeng pumilit sa iyong gawin ang mga bagay na ayaw mo o na puwedeng magkulong o pumigil sa iyo.**

### Ilan sa mga palatandaan na napagsasamantalahan ka:

- Nagtatrabaho ka nang halos walang bayad
- Nagtatrabaho ka nang maraming oras at halos wala nang libreng oras
- Mapanganib ang iyong trabaho at wala kang anumang pananggalang
- Kinuha sa iyo ang iyong mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Pinagbabantaan o bina-blackmail ka
- Kailangan mong magbalik ng pera bilang bayad sa iyong employer
- Lagi kang takot
- Sa lugar ng trabaho ka natutulog

Kung ganito ang kalagayan mo, makipag-ugnayan sa amin. Makikinig kami. Puwede kang makipag-usap nang hindi kailangang magpakilala, nang walang babayaran at walang anumang obligasyon.

Kung hindi ka panatag na direktang tumawag sa amin o hindi mo kami direktang matatawagan, makipag-usap sa isang kaibigan o sa isang taong pinagkakatiwalaan mo; puwedeng sa isang doktor o sa isang guro. Hilingin sa kanilang makipag-ugnayan sa amin o sa mga pulis.

### Makipag-ugnayan sa amin

PAG-ASA  
Rue des Alexiens 16b  
1000 Brussels

Lun– Biy 9:00 AM – 5:00 PM  
(nang walang appointment)

Tel : 02 511 64 64  
Email : info@pag-asa.be  
WhatsApp SMS : 0470 94 07 77

[facebook.com/PAGASA.vzw.asbl/](https://www.facebook.com/PAGASA.vzw.asbl/)

**Kung nasa bingit ka ng panganib, tumawag sa pulis : 112**



### Maaaring nag-aalala ka:

#### **Puwede mo ba kaming kontak nang anonymous?**

Oo, puwede mo kaming tawagan nang anonymous. Itatala namin ang mga sasabihin mo, pero hindi namin itatala ang iyong pangalan o anumang impormasyong puwedeng gamitin ng sinuman para sunsunin o kilalanin ka. Sumasailalim din kami sa atas ng paglilihin bilang propesyonal, kaya hindi namin ibabahagi ang anumang impormasyon nang hindi mo sinasang-ayunan.



#### **Inililihim ba ang iyong tawag?**

Oo, puwede mong burahin ang aming numero sa iyong listahan ng tawag o gumamit ng telepono ng ibang tao. Puwede mo rin kaming padalhan ng mensahe at hilingan kaming tawagan ka mula sa isang withheld number.



#### **Wala ka bang dokumento ng paninirahan (mga residency document)?**

Walang problema. Kung nananatili ka sa Belgium nang walang valid na dokumento ng paninirahan, malaya kang makipag-usap sa amin. Wala kaming gagawing anumang hakbang na hindi mo sinang-ayunan.



#### **Takot ka ba sa mga pulis?**

Walang problema. Nariyan ang pulisya para tulungan at protektahan ka, pero hindi kami makikipag-ugnayan sa kanila kung ayaw mo. Kaya puwede kang makipag-usap sa amin nang walang inaala.

